

Patakaran sa Pangkawanggawang Pangangalaga, May Diskuwentong Pangangalaga at Pangkalahatang Tulong Pinansiyal

PATAKARAN

Misyon ng Cottage Health na magbigay ng mahusay na pangangalagang pangkalusugan at mapabuti ang kalusugan ng aming mga komunidad sa pamamagitan ng pagtuon sa aming mga pangunahing pinahahalagahan na kahusayan, integridad, at pagmamalasakit. Bilang bahagi ng misyong ito, ikinagagalak ng Cottage Health na mag-alok ng programa ng Pinansyal na Tulong (Financial Assistance program) sa mga pasyenteng hindi kayang magbayad para sa pangangalagang pang-emergency o medikal na kinakailangan.

Itinatakda ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal para sa Pasyente (Patakaran) na ito ang mga kinakailangan sa kwalipikasyon at ang proseso ng aplikasyon sa Tulong Pinansiyal para sa pasyente, na kilala rin bilang pangkawanggawa o may diskuwentong pangangalaga, sa mga ospital ng Cottage Health. Naaayon ang Patakaran na ito sa mga pinahahalagahan ng Cottage Health na kahusayan, integridad, at pagmamalasakit, at sumusunod ito sa lahat ng batas ng Estado at Pederal na Pamahalaan.

Nagbibigay ang Cottage Health ng pangangalaga para sa mga pang-emergency na medikal na kondisyon nang hindi nandiskrimina, na nasa kahulugan ng Batas para sa Pang-emergency na Medikal na Paggamot at Paggawa (Emergency Medical Treatment and Labor Act, "EMTALA") sa mga indibidwal, anuman ang kanilang kakayahang magbayad para sa mga serbisyo. Naaangkop ang probisyong ito sa pangangalaga para sa mga pang-emergency na medikal na kondisyon, alinsunod sa saklaw ng kahulugan ng EMTALA; mangyaring sumangguni sa Patakaran ng Departamento ng Emergency (Emergency Department, ED) na "EMTALA – Patakaran sa Paglipat (Transfer Policy)."

SAKLAW

Mga Saklaw na Serbisyo

Saklaw ng Patakaran na ito ang mga teknikal na bayarin sa pasilidad para sa pangangalagang pang-emergency at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay sa sumusunod na ospital at mga pasilidad na nakabase sa ospital ng Cottage Health:

- Santa Barbara Cottage Hospital;
- Santa Ynez Valley Cottage Hospital;
- Goleta Valley Cottage Hospital; at
- Mga Klinikang Nakabase sa Ospital
- Cottage Rehabilitation Hospital

Mga Hindi Saklaw na Serbisyo

Hindi Saklaw ang Mga Bayarin sa Doktor

Hindi saklaw ng Patakaran na ito ang mga bayarin sa doktor (na kilala rin bilang "mga bayarin sa propesyonal") para sa pangangalagang pang-emergency at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay ng mga doktor at iba pang partikular na provider ng medikal na serbisyo na gumagamot sa mga pasyenteng tinitingnan sa mga pasilidad ng Cottage Health na hindi sinisingil ng Cottage Health. Dagdag dito, hindi saklaw ang serbisyong ibinibigay sa Cottage Urgent Care sa ilalim ng patakarang ito.

Naningingil ang mga doktor nang hiwalay sa Cottage Health, at hindi nalalapat ang Patakaran na ito sa mga singil nila. Responsibilidad ng pasyente na magbayad para sa mga bayarin sa propesyonal na sinisingil ng mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na ito, at hindi kwalipikado ang mga ito sa pagsasaayos para sa may diskuwento o pangkawanggawang pangangalaga sa ilalim ng Patakaran na ito. Naaangkop lamang ang Patakaran na ito sa mga teknikal na bayarin sa pasilidad para sa pangangalagang pang-emergency at iba pangmedikal na kinakailangang pangangalaga na ibinibigay sa isang ospital ng Cottage Health o pasilidad o klinikang nakabase sa ospital.

Kahit na hindi sinasaklaw ng Patakran na ito ang mga pang-emergency na doktor, sa ilalim ng batas ng California, ang pang-emergency na doktor na nagbibigay ng mga medikal na serbisyong pang-emergency sa ospital na nagbibigay ng pangangalagang pang-emergency ay inaatasan ng batas na magbigay ng mga diskuwento sa:

1. Mga pasyente na walang insurance na nasa o mas mababa sa 400% ng pederal na antas ng kahirapan
2. Mga pasyenteng may Malalaking Medikal na Gastusin (ayon sa kahulugan sa ibaba) na nasa o mas mababa sa 400% ng pederal na antas ng kahirapan.
 - a. Hindi nagpapataw ng mga karagdagang obligasyon sa Cottage Health ang kinakailangang ito. Maaaring direktang humingi ng karagdagang impormasyon tungkol sa kinakailangang ito ang mga pasyente mula sa pang-emergency na doktor na nagbigay ng pangangalaga.

Mga Karagdagang Serbisyo na Hindi Saklaw

Ang mga kosmetikong operasyon ay karaniwang itinuturing na mga elektibo (maaari o maaaring hindi piliin) na procedure na hindi agaran at hindi Medikal na Kinakailangang Pangangalaga (tulad ng tinukoy sa ibaba), at hindi kasama sa Patakaran na ito. Hindi rin kasama sa patakarang ito ang mga serbisyong inaalo sa Cottage Residential Center ("CRC") at Karanasan sa Komprehensibong Programa para sa Outpatient (Comprehensive Outpatient Program Experience, "COPE"). Mangyaring sumangguni sa Patakaran 8560.74, "Tulong Pinansiyal para sa Mga Hindi Agarang Serbisyo (Financial Assistance for Non Urgent Services)" para sa mga detalye hinggil sa tulong na available sa mga pasyente ng mga programa ng CRC at COPE. Hindi rin kasama ang mga serbisyong ibinibigay ng Pacific Diagnostic Laboratories sa mga nagsasariling klinika na wala sa campus. Dagdag pa rito, hindi kasama ang anumang serbisyong ibinibigay sa mga nagsasariling klinika na hindi lisensiyado bilang serbisyo ng ospital. Hindi kasama sa patakarang ito ang mga serbisyong ibinibigay sa Cottage Urgent Care.

MGA KAHULUGAN

Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (Amounts Generally Billed), o "AGB": Halagang kinakalkula gamit ang pamamaraang inilalarawan sa Patakaran na ito na nagtatakda ng limitasyon sa halagang maaaring singilin ng Cottage Health para sa pangangalagang pang-emergency at medikal na kinakailangan na ibinibigay ng pasilidad ng ospital ng Cottage Health sa pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal batay sa mga pamantayan sa kwalipikasyon na nakabalangkas sa Patakaran na ito. Sa ilalim ng Patakaran na ito, nalalapat lang ang AGB sa mga pasyenteng kwalipikado para sa mga diskuwento ng Tulong Pinansiyal, dahil sinasagot ng Cottage Health ang 100% ng halagang personal na responsibilidad na bayaran ng mga pasyente kapag nagpakita sila ng kita ng sambahayan na katumbas ng o mas mababa sa 500% ng pederal na antas ng kahirapan.

Pangkawanggawang Pangangalaga: Kilala rin bilang libreng pangangalaga o tulong sa mga bayarin sa ospital. Ang pangkawanggawang pangangalaga ay tumutukoy sa mga serbisyong medikal na ibinibigay sa mga pasyente na hindi kayang magbayad para sa kanilang pangangalaga dahil sa pinansiyal na problema, anuman ang katayuan ng kanilang insurance.

May Diskuwentong Pangangalaga: Pagbabawas sa halagang sinisingil sa isang pasyente para sa mga serbisyong medikal na ibinigay pero hindi libre.

Mga Hindi Pangkaraniwang Aktibidad sa Pagkolekta (Extraordinary Collection Activities, ECA): Mga aksyong maaaring gawin ng ospital para mangolekta ng bayarin, kasama ang: (1) mga pagkilos na nangangailangan ng legal o hudisyal na proseso; o (2) pag-uulat ng hindi naaayong impormasyon sa mga ahensiya sa pag-uulat ng kredito o kawanihan para sa kredito. Mga Kapamilya: Sa ilalim ng batas ng California, para sa mga taong 18 taong gulang pataas, tumutukoy ang pamilya ng pasyente sa asawa o kinakasama, at sa mga dependent na anak na wala pang 21 taong gulang, nakatira man o hindi sa parehong bahay. Para sa mga taong wala pang 18 taong gulang, tumutukoy ang pamilya ng pasyente sa mga magulang, kamag-anak na tagapag-alaga, at iba pang anak ng magulang o tagapag-alaga na wala pang 21 taong gulang. Para sa mga 18 taong gulang pataas, ang bilang ng Mga Kapamilya ay dapat direktang tumutugma sa bilang ng mga dependent na nakalista sa ulat ng buwis ng kasalukuyang taon. Kung hindi available ang ulat ng buwis ng kasalukuyang taon, o kung hindi tumutugma ang Bilang ng Mga Kapamilya sa numerong nakalista sa ulat ng buwis ng kasalukuyang taon, dapat magbigay ang pasyente o responsableng partido ng isa o higit pa sa mga sumusunod na dokumento upang maipakita ang pagbabago sa Bilang ng Mga Kapamilya:

- sertipiko ng kapanganakan
- mga pederal na dokumento sa imigrasyon
- mga dokumento sa pagiging tagapag-alaga

Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FPL): Isang nakatakdang sukatan ng kita na nababago ayon sa pagtaas ng halaga ng bilihin, na taon-taong inilalathala ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos (United States Department of Health and Human Services), at ginagamit ng Cottage Health upang tukuyin ang kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakaran na ito.

Tulong Pinansiyal: Pangkawanggawa (libre) o may diskuwentong pangangalaga na ibinibigay sa mga indibidwal na hindi kayang magbayad para sa kabuuan o bahagi ng kanilang mga medikal na bayarin sa ospital. Pinagpapasiyahan ang kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal batay sa mga pamantayang isinasaad sa Patakaran na ito.

Mga Gross na Singil: Ang buong itinakdang presyo ng Cottage Health para sa medikal na pangangalagang patuloy at palagiang sinisingil sa mga pasyente bago maglapat ng anumang nakakontratang allowance, diskuwento, o pagbabawas.

Guarantor: Pasyente o iba pang indibidwal na responsableng magbayad para sa pangangalaga ng pasyente.

Malalaking Medikal na Gastusin: Sa ilalim ng batas ng California, para sa indibidwal na hindi lumalagpas ang kita ng pamilya sa 400% FPL: (a) ang mga taunang out-of-pocket na gastusin ng indibidwal sa Cottage Health na lumalagpas sa mas maliit na bahagi ng 10% ng kita ng pamilya ng pasyente sa nakaraang 12 buwan o 10% ng kasalukuyang kita ng pamilya ng pasyente; o (b) mga taunang out-of-pocket na bayaring lumalagpas sa 10% ng kita ng pamilya ng pasyente, kung nagbibigay ang pasyente ng dokumentasyon hinggil sa mga medikal na bayarin ng pasyente na binayaran ng pasyente o pamilya ng pasyente sa nakaraang 12 buwan.

Kita ng Sambahayan: Ang gross na kita ng pasyente/responsableng partido, pati na rin ang gross na kita ng iba pang nasa hustong gulang na nakalista bilang mga miyembro ng sambahayan ng pasyente/responsableng partido sa nauugnay na ulat ng buwis. Nakalista sa ilalim ng "Proseso ng Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal" sa ibaba ang mga katanggap-tanggap na dokumento ng pinagmumulan ng kita.

Hindi Sapat ang Kakayahang Magbayad ng Medikal na Gastusin: Ang mga guarantor na itinakda ng Cottage Health na hindi kayang bayaran ang ilan o lahat ng kanilang mga medikal na bayarin dahil lumampas ang kanilang mga medikal na bayarin sa isang partikular na porsiyento ng kanilang kita ng pamilya o sambahayan (halimbawa, dahil sa malaking gastos o kondisyon), kahit na may kita sila. Kasama sa mga medikal na bayarin at pananagutan na isinasaalang-alang sa pagtukoy na ito ang mga mula sa organisasyon na wala sa Cottage Health.

Medikal na Kinakailangang Pangangalaga: Medikal na serbisyo o paggamot na lubos na kinakailangan upang gamutin o ma-diagnose ang pasyente at na maaaring magkaroon ng masamang epekto sa kondisyon, sakit, o pinsala ng pasyente kung hindi ibibigay, at hindi itinuturing na elektibo o kosmetikong operasyon o paggamot.

Pangunahing Wika: Wikang ginagamit ng mas maliit na bahagi ng 1,000 tao o 5% ng komunidad na pinaglilingkuran ng pasilidad ng ospital ng Cottage Health batay sa pinakamakailang Pagtatasa sa Mga Pangangailangang Pangkalusugan ng Komunidad na isinagawa ng pasilidad ng ospital.

MAY AVAILABLE NA TULONG PINANSIYAL

Mga Kinakailangan sa Kwalipikasyon

Ang Kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal ay nakabatay sa mga sumusunod na pamantayan:

- Para sa 100% Tulong Pinansiyal, na kadalasang tinutukoy bilang "pangkawanggawang pangangalaga," isasaalang-alang ng Cottage Health ang kita ng sambahayan at laki ng pamilya. Kwalipikado para sa 100% Tulong Pinansiyal ang mga pasyenteng may Kita ng Sambahayan na katumbas ng o mas mababa sa 500% ng FPL. Nakakatugon ito sa kinakailangan sa ilalim ng batas ng California na ang mga pasyenteng may kita ng pamilya na hindi lumalagpas sa 400% FPL at (a) sariling nagbabayad, o (b) may Malalaking Medikal na Gastusin, ay dapat maging kwalipikado para sa pangkawanggawang pangangalaga o mga may diskuwentong pagbabayad at hindi dapat magbayad nang higit sa inaasahang matatanggap ng ospital mula sa pagbibigay ng mga serbisyo sa nagbabayad mula sa gobyerno; kwalipikado ang mga pasyenteng ito para sa 100% Tulong Pinansiyal.
- Ang may diskuwentong pangangalaga ay available sa mga pasyenteng may Kita ng Sambahayan na hanggang 700% ng FPL, na isinasaalang-alang ang Dami ng Kapamilya (at hindi isinasaalang-alang ang Mga Asset na Pananalapi). Ang mga porsiyento ng diskuwento na batay sa Kita ng Sambahayan at Bilang ng Mga Kapamilya ay alinsunod sa mga taunang alituntunin sa sliding scale ng FPL, at nakalakip at kasama ang mga ito sa Patakaran na ito bilang Kalakip A, Form ng Pagkalkula sa Tulong Pinansiyal para sa Pasyente. Ibinabawas ang mga diskuwento sa out-of-pocket na pinansiyal na responsibilidad ng pasyente. Kung magdudulot ng mas mababang pinansiyal

na responsibilidad ng pasyente ang paglalapat ng porsiyento ng AGB kaysa sa mga diskuwentong makukuha sa pamamagitan ng Kalakip A, malalapat ang diskuwento ng AGB.

- Available ang 100% tulong pinansiyal o may diskuwentong pangangalaga para sa mga guarantor na nagpapakitang sila ay Hindi Sapat ang Kakayahang Magbayad ng Medikal na Gastusin. Mayroong natatanging diskresyon ang Cottage Health kapag pinagpapasiyahan ang katayuan ng guarantor bilang Hindi Sapat ang Kakayahang Magbayad ng Medikal na Gastusin.
- Ang mga pasyenteng nakakatanggap ng direktang bayad para sa medikal na pangangalaga sa pamamagitan ng bayad para sa pinsala, Medicare Supplement, o sibil na paglilitis o paghahatol dahil sa pananagutan ng isang third party ay hindi maaaring humiling ng Tulong Pinansiyal para sa pangangalagang sasaklawin ng nasabing direktang pagbabayad.
- Ang mga pasyenteng may insurance na tumangging magbigay ng sapat na impormasyon sa kanilang carrier ng insurance, na nagresulta sa pagtanggig ng carrier ng insurance sa claim para sa pagpapagamot, ay hindi maaaring humiling ng Tulong Pinansiyal para sa mga gastusin ng tinanggihang pangangalaga.
- Ang mga pasyenteng humihiling na hindi singilin ng Cottage Health ang carrier ng insurance nila, at pinipiling magbayad para sa mga nasabing serbisyo nang out-of-pocket bilang sariling nagbabayad na pasyente, ay hindi maaaring humiling ng Tulong Pinansiyal para sa mga serbisyong binayaran nang out-of-pocket.
- Ang mga pasyenteng kwalipikado para sa mga programang kwalipikado sa FPL tulad ng Medi-Cal, Medicaid, at iba pang tulong na programa na itinataguyod ng gobyerno para sa mababa ang kita, ay itinuturing bilang kwalipikado para sa tulong pinansiyal. Sa gayon, kwalipikado ang mga nasabing pasyente para sa tulong pinansiyal sa ilalim ng patakarang ito kapag tumanggi ang mga programa sa pagbabayad at pagkatapos ay itinuring ang mga singil na dapat bayaran ng pasyente. Kwalipikado para ganap na alisin sa account bilang kawanggawa ang mga balanse sa account ng pasyente na nagreresulta mula sa mga hindi nabayaranang singil. Ang partikular na kasama bilang kwalipikado ay mga singil na may kaugnayan sa mga sumusunod:
 - o Mga tinanggihang serbisyo
 - o Mga hindi saklaw na serbisyo
 - o Mga pagtanggig sa Kahilingan para sa Awtorisasyon sa Paggamot (Treatment Authorization Request, TAR)
 - o Mga pagtanggig dahil sa limitadong coverage
 - o Mga claim sa Medicaid (kasama ang mga claim sa Medicaid sa labas ng estado) na “walang pagbabayad”
 - o Anumang serbisyong ibinigay sa pasyenteng kwalipikado sa Medicaid na walang coverage at walang pagbabayad
 - o Kwalipikado ang pagbabahagi ng gastos para sa mga miyembro ng Medicaid para sa tulong pinansiyal
 - o Ang pasyente ay may aktibong plano ng Medicaid o kwalipikado para sa Medicaid
- Hindi magiging kwalipikado para sa tulong pinansiyal ang mga pasyenteng may third-party na coverage na wala sa network (hindi nakakontra) na nais makakuha ng mga hindi agarang serbisyo na nakabase sa ospital sa Cottage Health, maliban kung may napagkasunduang Kasunduan para sa lisang Kaso (Single Case Agreement) kasama ng provider na wala sa network bago ang serbisyo.
 - o Hindi nalalapat ang probisyong ito sa pangangalaga para sa mga pang-emergency na medikal na kondisyon, alinsunod sa saklaw ng kahulugan ng EMTALA; mangyaring sumangguni sa patakaran ng ED na “EMTALA – Patakaran sa Paglipat.”
 - o Hindi nalalapat ang probisyong ito sa mga pasyenteng may insurance sa pamamagitan ng nagbabayad na wala sa network dahil sa mga nagpapatuloy na pakikipagkasundo sa kontra.
- **Pag-alam sa Kwalipikasyon ng Pasyente sa Tulong Pinansiyal sa Panahon ng Mga Pagkolekta** – Kahit na nagsisikap ang Cottage Health na matukoy ang tulong pinansiyal para sa pasyente nang malapit sa panahon ng serbisyo hangga’t maaari, sa ilang sitwasyon, kinakailangan ang karagdagang imbestigasyon para matukoy ang kwalipikasyon. Maaaring hindi natukoy ang ilang pasyente na kwalipikado para sa tulong pinansiyal bago ang pagsisimula ng panlabas na pagkilos sa pagkolekta. Dapat bigyang-kaalaman ang mga ahensiya sa pagkolekta ng Cottage Health tungkol sa posibilidad na ito at hinihiling sa mga ito na i-refer pabalik ang mga account ng pasyente na maaaring kwalipikado para sa tulong pinansiyal. Kapag natuklasan na kwalipikado ang isang account para sa tulong pinansiyal, ire-reverse ng Cottage Health ang account mula sa malubhang utang at idodokumento nito ang naaayong diskuwento sa mga singil bilang kawanggawang pangangalaga.

- **Mga Update sa Patakaran para sa Mga Sitwasyon ng Krisis sa Access sa Pangangalagang Pangkalusugan (Access to Healthcare Crisis)** – Sa panahon ng pampublikong emergency, maaaring magdeklara ang Cottage Health ng Krisis sa Access sa Pangangalagang Pangkalusugan at isasaayos ang patakaran sa tulong pinansiyal nito para matugunan ang mga pangangailangan ng komunidad na nakakaranas ng krisis. Maaaring kabilang sa mga sitwasyong ito ang, ngunit hindi ito limitado sa, mga emergency sa pampublikong kalusugan at natural na sakuna. Kung nalalapat ang Krisis sa Access sa Pangangalagang Pangkalusugan, maglalakip ang Cottage Health ng addendum sa patakaran. Maaaring ibigay ang mga diskuwento sa pasyente na nauugnay sa Krisis sa Access sa Pangangalagang Pangkalusugan sa panahon ng krisis, anuman ang petsa ng patakarang ito.
- **Mga Hindi Saklaw/Tinanggihang Singil para sa Lahat ng Saklaw** – Ang anumang hindi na-reimburse na singil mula sa mga serbisyong hindi sakop o tinanggihan mula sa anumang nagbabayad, tulad ng mga singil para sa mga araw na lampas sa limitasyon ng pananatili, mga naubos na benepisyo, balanse mula sa saklaw na may restriksyon, mga account na nakabinbin sa Medicaid, at mga pagtanggap ng nagbabayad ay itinuturing na isang anyo ng tulong pinansiyal sa pasyente sa Santa Barbara Cottage Hospital, Goleta Valley Cottage Hospital, at Santa Ynez Valley Cottage Hospital. Ang mga singil na nauugnay sa mga pagtanggap/hindi saklaw na halaga na ito na isinulat sa loob ng taon ng pananalapi ay iniuulat bilang hindi binabayarang pangangalaga.
- **Ipinagpapalagay na Pangangalaga sa Kawanggawa** - Maaaring ibigay ang tulong pinansiyal sa kawalan ng isang kompletong aplikasyon sa mga sitwasyon kung saan hindi nag-apply ang pasyente ngunit pinapatunayan ng ibang available na impormasyon na may kahirapan sa pananalapi. Makikita ang dahilan para sa pagpapalagay ng pagiging kwalipikado sa code ng transaksyon na ginamit para pagpasiyahan ang claim ng pasyente. Maaaring isama ang mga karagdagang tala ng pasyente. Kasama ang mga sumusunod, pero hindi limitado sa mga ito, ang mga halimbawa ng mga pagbubukod na ito kung saan isinusuko ang mga kinakailangan sa dokumentasyon:
 - o Isang hiwalay na tool sa pagtatasa ng pananalapi na nakabatay sa kredito na nagpapahiwatig ng kahirapan
 - o Aktibong tumatanggap ng mga benepisyo mula sa mga programa ng tulong ng pamahalaan, ibig sabihin: CALFRESH, Programa ng Pagpapakain sa Paaralan (School Meals Program), Programa ng Pantulong sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP), Kababaihan, Sanggol, at Bata (Women, Infants, and Children, WIC), Pansamantalang Tulong sa mga Pamilyang Nangangailangan (Temporary Assistance for Needy Families, TANF)
 - o Pagpapasiya ng Bise Presidente ng Siklo ng Kita (Revenue Cycle) sa pagiging kwalipikado ng pasyente sa tulong pinansiyal

Available ang Tulong Pinansiyal sa lahat ng pasyenteng nakakatugon sa mga kinakailangan sa kwalipikasyon na nakabalangkas sa Patakaran na ito, pagkatapos mailapat ang lahat ng pagbabayad para sa pribadong insurance sa kalusugan. Maaaring kabilang sa mga pasyenteng kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal ang mga pasyenteng kwalipikado para sa Medi-Cal ngunit hindi nasasaklawan ng mga petsa ng kwalipikasyon nila ang kabuuan ng pangangalagang natatanggap nila. Maaaring ilapat ang Tulong sa Pananalapi sa mga pasyenteng walang insurance, gayundin ang pananagutan ng pasyente para sa mga pasyenteng may insurance, kabilang ang mga singil na natukoy na walang insurance para sa pananatili sa ospital, coinsurance, copayment, mga halaga ng deductible, at iba pang pananagutan para sa mga serbisyong medikal na kinakailangan sa ospital na kwalipikado.

Kung ihahayag sa ulat ng buwis ng pamilya bilang dependent ang isang mag-aaral na nag-a-apply para sa tulong, dapat isaalang-alang ang buong kita ng pamilya sa pagtukoy ng kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal.

Para sa mga pumanaw na guarantor, sumangguni sa patakarang “8545.08 Mga Pumanaw na Pasyente (Deceased Patients)” para matukoy ang anumang pagbabago sa guarantor batay sa legal na paglipat ng mga asset at kung sasailalim sila sa Probate. Kung hindi matutukoy ng Cottage ang buhay pang asawa o mga matutukoy na asset para sa mga pumanaw na guarantor, o hindi nito matukoy ang bagong guarantor batay sa legal na paglipat ng mga pananagutan tulad ng sa kaso na menor de edad ang pasyente, magbibigay ng ipinagpapalagay na kawanggawa at aalisin ang hindi pa nababayarang balanse. Kung mayroong buhay pang asawa ang pumanaw na pasyente, at pinili ng buhay na asawa na talikdan ang pormal na Probate, maaaring mag-apply ang buhay na asawa para sa Tulong Pinansiyal, kung saan naaangkop ang mga kinakailangan para sa kwalipikasyon na nakabalangkas sa Patakaran na ito.

Ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakarang ito ay hindi sisingilin ng higit sa halaga ng bayad na inaasahan ng ospital, nang may mabuting hangarin, mula sa Medicare o Medi-Cal, alinman ang mas mataas.

Batayan sa Pagkalkula ng Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (AGB)

Ang mga pasyenteng matutukoy na kwalipikado para sa Tulong Pinansiyal ay hindi sisingilin – ibig sabihin, hindi magiging personal na responsibilidad ng mga nasabing pasyente ang pagbabayad – nang higit sa Mga Halagang Karaniwang Sinisingil (AGB) para sa mga indibidwal na may insurance sa pangangalagang pang-emergency o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga, matapos malapat ang lahat ng pagbabawas, diskuwento, at reimbursement sa insurance.

Alinsunod sa nalalapat na batas, ginagamit ng Cottage Health ang “paraan ng pagbabalik-tanaw” para sa pagkalkula ng AGB. Partikular pa, ang kabuuan ng mga halaga ng lahat ng claim ng Cottage Health para sa lahat ng medikal na pangangalagang pinahintulutan ng bayad para sa serbisyo (fee-for-service) ng Medicare at lahat ng pribadong insurer para sa kalusugan sa loob ng nakaraang 12 buwang panahon ay hinahati ng Cottage Health sa kabuuan ng Gross na Singil para sa mga claim na iyon. Nakadepende ang mga claim na ginagamit sa pagkalkula sa kung pinahintulutan ng insurer para sa kalusugan ang claim sa loob ng nakaraang 12 buwang panahon, hindi sa kung ibinigay ang pangangalagang nagresulta sa claim sa loob ng nakaraang 12 buwang panahon na iyon.

Kapag isinasama ang mga pinapahintulutang claim sa pagkalkula ng (mga) porsyento ng AGB nito, isinasama ng Cottage Health ang buong halagang pinahintulutan ng insurer para sa kalusugan, kabilang ang halagang babayaran o ire-reimburse ng insurer at ang halaga (kung mayroon) na personal na responsibilidad ng pasyente (o ng guarantor ng pasyente) na bayaran sa pamamagitan ng mga co-payment, co-insurance, at mga deductible, nang walang pagsasaalang-alang sa kung o kailan mababayaran ang buong pinapahintulutang halaga, o sa anumang diskuwentong malalapat sa bahaging babayaran ng pasyente.

Gumagamit ng ibang kasunduan sa provider ng Medicare ang bawat pasilidad ng ospital ng Cottage Health, at kinakalkula ng bawat isa ang sari-sarili nitong porsiyento ng AGB para sa pasilidad nito batay sa mga claim at Gross na Singil para sa lahat ng pasilidad ng ospital na iyon. Available ang nasabing porsiyento ng AGB, nang nakasulat at libre, sa website ng Cottage Health sa www.cottagehealth.org/FAP. Maaari ding humiling ang mga pasyente ng papel na kopya ng AGB ng Cottage Health, na ipapadala sa mail nang walang bayad, kung magsusumite ng kahilingan sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa CottageBilling@sbch.org, pagtawag sa 805-687-6510, o pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa isa sa mga sumusunod:

- Cottage Health Business Office, 7410 Hollister Avenue, Goleta, CA 93117
- Santa Barbara Cottage Hospital, 400 W. Pueblo St. Santa Barbara, CA 93105
- Goleta Valley Cottage Hospital, 351 S. Patterson Ave., Goleta, CA 93111
- Santa Ynez Valley Cottage Hospital, 2050 Viborg Rd., Solvang, CA 93463

PROSESO NG APLIKASYON PARA SA TULONG PINANSIYAL

Proseso

Para maituring na karapat-dapat para sa Tulong Pinansiyal, dapat magsumite ang isang indibidwal ng kumpletong Aplikasyon sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal (Financial Assistance Policy Application, FAP) at lahat ng kinakailangang dokumento na naaayon sa petsa ng serbisyo at hindi sa petsa ng aplikasyon.

Ang indibidwal na nagsusumite lamang para sa mga may diskuwentong bayad ay kailangang magsumite ng kopya ng mga sumusunod na dokumento:

- Kamakailang pay stub
- Ulat ng buwis sa kita o pahayag ng kawalan ng trabaho

Ang indibidwal na nagsusumite lang ng aplikasyon para sa pangkawanggawang pangangalaga ay kailangang magsumite ng kopya ng mga sumusunod na dokumento:

- mga ulat ng buwis at sumusuportang iskedyul (nakaraang isang (1) taon) o mga pay stub mula sa lahat ng trabaho (nakaraang tatlong (3) buwan)
- pinakabagong Form W-2 o pahayag ng kawalan ng trabaho
- pahayag ng mga benepisyo sa Social Security (kung nalalapat)
- lisensiya sa pagmamaneho o pagkakakilanlang may larawan

Maaaring hilingin sa ilang aplikante ng pangkawanggawang pangangalaga na magsumite ng:

- Sa ilang sitwasyon, sertipiko ng kapanganakan, mga pederal na dokumento sa imigrasyon at/o dokumento para sa pag-aalaga

- Pahayag ng bangko kung walang ulat ng buwis o pay stub

Hihilingin ng Cottage ang na-update na dokumento tuwing Enero pagkatapos noon para patuloy na makatanggap ng pangkawanggawang pangangalaga, tulong pinansiyal, o mga may diskwentong bayad.

Maaaring itanggi sa mga pasyente ang Tulong Pinansiyal kung hindi sila magbibigay ng kompletong Aplikasyon para sa FAP at ng kinakailangang dokumentasyon sa Panahon ng Aplikasyon. (Tingnan ang "Pagsusumite ng Mga Aplikasyon sa Panahon ng Pag-aabiso at Aplikasyon" sa ibaba, para sa higit pang paglalarawan ng mga kompleto at hindi kompletong Aplikasyon para sa FAP.)

Kapag nag-apply o may nakabinbing aplikasyon ang isang pasyente para sa isa pang programa sa pangangalagang pangkalusugan kasabay ng pag-a-apply niya para sa Tulong Pinansiyal, hindi siya pinipigilan ng alinman sa aplikasyon na maging kwalipikado sa ibang programa. Kwalipikadong mag-apply ang mga pasyente para sa Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakaran na ito anumang oras sa Panahon ng Aplikasyon.

Impormasyon Tungkol sa Tulong Pinansiyal at Tulong sa Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal

Ang pasyente o sinumang taong nauugnay sa pangangalaga ng pasyente, kabilang ang kapamilya o provider, ay maaaring maghayag kailanman sa panahon ng pangangalaga ng pasyente na mayroon siyang mga alalahanin hinggil sa pananalapi. Dapat idirekta sa Tanggapan para sa Negosyo (Business Office) ng Cottage Health ang mga tanong kaugnay ng tulong pinansiyal.

May mga kinatawang available upang magbigay ng impormasyon tungkol sa FAP at tulungan ang mga pasyente sa pagkompleto ng Aplikasyon para sa FAP, sa personal o sa pamamagitan ng telepono, tulad ng mga sumusunod:

Cottage Health Business Office

Bumisita sa: 7410 Hollister Avenue, Goleta, CA 93117 Telepono: 805-879-8963

Mga Oras: 8:00am–4:00pm, Lunes hanggang Biyernes

Pagtutol sa Pagpapasiya hinggil sa Tulong Pinansiyal

Kung magkakaroon ng pagtutol sa pagpapasiya hinggil sa Tulong Pinansiyal o pagsusuri ng Aplikasyon para sa FAP, maaaring humiling ng pagsusuri ng Pangalawang Pangulo ng Siklo ng Kita ng Cottage Health ang apektadong indibidwal. Maaaring i-email ang kahilingan para sa pagsusuri na ito sa CottageBilling@sbch.org o maaari itong isumite sa pamamagitan ng telepono sa 805-879-8926.

MGA PAGKILOS NA ISASAGAWA KUNG HINDI MAKAKAPAGBAYAD ANG PASYENTE

Mga Panahon ng Pag-aabiso at Aplikasyon

Aabisuhan ng Cottage Health ang mga pasyente tungkol sa pagiging available ng Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakaran na ito at sa proseso ng pag-a-apply para sa mga pasyente upang makatanggap ng nasabing tulong sa pamamagitan ng paglalagay ng abiso sa lahat ng pahayag sa pagsingil para sa pasyente. Hindi dapat makibahagi sa mga ECA ang Cottage Health bago gumawa ng makatuwirang pagsisikap, ayon sa kinakailangan ng batas ng estado at pederal na pamahalaan, para tukuyin kung kwalipikado ang isang pasyente para sa Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakaran na ito. Hindi makikibahagi sa mga ECA ang Cottage Health upang mangolekta ng mga halagang dapat bayaran sa panahong hindi bababa sa 180 araw kasunod ng petsa ng unang pahayag sa pagsingil pagkatapos ng pagpapalabas sa ospital, na tinatawag na "Panahon ng Pag-aabiso."

Sa loob ng hindi bababa sa 30 araw bago magsimula ng mga ECA, ang Cottage Health ay:

- 1) Magbibigay ng nakasulat na abiso sa pasyente na nagbibigay ng impormasyon sa pagiging available ng Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakaran na ito, kopya ng aming Aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal, mga partikular na ECA na nilalayan ng Cottage Health na isagawa kung mangyari ang hindi pagbabayad, kasama ang pangalan ng ahensiya, at takdang petsa para sa pagsisimula ng mga nasabing ECA, pati na rin ng kinakailangang pahayag alinsunod sa batas ng California hinggil sa mga gawi sa patas na pagkolekta ng utang at pagpapatupad ng Pederal na Komisyon sa Kalakalan (Federal Trade Commission);
- 2) Magbibigay ng nakasulat na buod sa simpleng wika (Buod sa Simpleng Wika) ng Patakaran na ito; at
- 3) Gagawa ng mga makatuwirang pagsisikap na abisuhan nang pasalita ang pasyente tungkol sa Patakaran na ito at kung paano siya makakahingi ng tulong sa Aplikasyon para sa FAP bago simulan ang mga ECA.

Pagkatapos ng Panahon ng Pag-aabiso at kapag natugunan na ang mga probisyon sa pag-aabiso na nakabalangkas sa seksiyong ito, maaari nang magsimula ng mga ECA ang Cottage Health upang kolektahin ang mga halagang dapat bayaran.

Kung makatanggap ng kompletong Aplikasyon para sa FAP ang Cottage Health sa Panahon ng Aplikasyon, sususpindihin ng Cottage Health ang anumang nasimulang ECA at pagpapasiyahan nito ang kwalipikasyon ng indibidwal para sa Tulong Pinansiyal.

Kung makatanggap ng hindi kompletong Aplikasyon para sa FAP ang Cottage Health sa Panahon ng Aplikasyon, sususpindihin ng Cottage Health ang anumang nasimulang ECA at magbibigay ito ng makatuwirang pagkakataon upang makapagsumite ng kompletong Aplikasyon para sa FAP ang pasyente, sa pamamagitan ng pagpapaalam sa pasyente ng mga kinakailangan upang kompletuhin ang Aplikasyon para sa FAP at pagbibigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa Tanggapan para sa Negosyo ng Cottage Health.

Pagpapasiyahan ng Pangalawang Pangulo ng Siklo ng Kita ng Cottage Health o ng taong itatalaga niya, depende sa sitwasyon, kung nakagawa ang Cottage Health ng mga makatuwirang pagsisikap para tukuyin kung kwalipikado ang isang pasyente para sa Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakaran na ito at kung maaari nang simulan ng Cottage Health ang mga ECA.

Mga Pagsasaayos para sa Pangkawanggawang Pangangalaga

Maaaring maging kwalipikado sa pagsasaayos para sa pangkawanggawang pangangalaga sa ilalim ng Patakaran na ito ang mga pasyenteng hindi magsusumite ng kompletong Aplikasyon para sa FAP, ngunit inaasahan, batay sa paunang screening ng pananalapi, na may Kita ng Sambahayan na 500% FPL o mas mababa. Ang nasabing paunang screening ng pananalapi ay gagamit ng impormasyong pangkalahatang available sa Cottage Health, at ang Cottage Health lang ang makakapagpasiya hinggil dito. Maaaring gumamit ang Cottage Health ng impormasyong nakuha mula sa ibang mapagkukunan bukod sa pasyente, kabilang ang mga pagtatantya ng kakayahan ng isang indibidwal na magbayad batay sa pampubliko at pribadong impormasyon, impormasyong kasama sa mga available na pampublikong database, at impormasyong ibinigay ng mga third-party vendor na gumagamit ng impormasyong kasama sa mga database na available sa publiko. Sa buong Panahon ng Pag-aabiso, magbibigay ang Cottage Health ng lahat ng kinakailangang abiso tungkol sa pagkakaroon ng Tulong Pinansiyal at pagkakataon para makakuha ng tulong sa pagkumpleto ng Aplikasyon sa FAP, gayundin ng isang Buod sa Simpleng Wika at mga sumusunod na pahayag ng pagsingil para sa anumang natitirang balanse na utang ng naturang indibidwal. Bago ang o sa pagtatapos ng Panahon ng Pag-aabiso, hindi man nag-apply ang indibidwal para sa Tulong Pinansiyal, maaaring maglapat ang Cottage Health ng 100% pagsasaayos para sa pangkawanggawang pangangalaga sa anumang balanseng dapat bayaran ng mga pasyenteng natukoy mula sa screening ng pananalapi na may 500% FPL o mas mababa.

Hindi layunin ng Cottage Health na gumamit ng pagpapasiya sa kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal na gumagamit ng prosesong ito bilang paraan upang matugunan ang mga makatuwirang pagsisikap na kinakailangan sa Cottage Health. Sa halip, pagpapasiyahan lang ng Cottage Health ang kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakaran na ito sa pamamagitan ng pag-aabiso sa mga pasyente tungkol sa Patakaran at pagpoproseso ng Mga Aplikasyon para sa FAP. Ang paggamit ng Cottage Health ng anumang impormasyon ng third-party para sa mga layunin ng pagpapaalam tungkol sa mga pagsasaayos para sa pangkawanggawang pangangalaga ng Cottage Health ay hindi nangangahulugan ng mapagpalagay na pagpapasiya tungkol sa kwalipikasyon para sa Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakaran na ito. Dapat magsumite ang mga pasyente ng kompletong Aplikasyon para sa FAP sa Panahon ng Aplikasyon upang maisaalang-alang para sa Tulong Pinansiyal.

Mga Plano ng Pagbabayad

Maaaring maging kwalipikado ang mga pasyente para sa walang interes na pinalawak na plano ng pagbabayad, kasama ang mga pagbabayad ng may diskuwentong singil. Ang mga plano sa pagbabayad ay dapat ialok, mapagkasunduan, at isaalang-alang ang kita ng pamilya ng pasyente at mahahalagang gastusin sa pamumuhay. Kung hindi sumang-ayon ang guarantor at Cottage Health sa mga tuntunin, hindi lalampas ang buwanang bayad sa 10% ng kita ng pamilya ng guarantor para sa isang buwan, hindi kasama ang mga bawas para sa mahahalagang gastusin sa pamumuhay.

Pagsingil at mga Pagkolekta

Bukod pa sa pagsasagawa ng mga ECA, ayon sa inilalarawan sa Patakaran na ito, maaaring magsagawa ang Cottage Health ng mga makatuwirang pagsisikap sa pagkolekta ng bayad mula sa mga pasyente. Hindi maaaring gamitin ng Cottage Health o ng anumang ahensiya sa pagkolekta na nauugnay sa Cottage Health sa proseso ng pagkolekta ang impormasyong makukuha sa proseso ng aplikasyon para sa Tulong Pinansiyal. Maaaring kasama sa mga pangkalahatang aktibidad ng pagkolekta ang pagbibigay ng mga pahayag ng pasyente, pagtawag sa telepono, pagpapadala ng text message, email, at pagtiyak na naipadala sa pasyente o guarantor ang mga pahayag.

PAGIGING AVAILABLE NG IMPORMASYON TUNGKOL SA TULONG PINANSIYAL

Paunang admisyon (preadmission) o Pagpaparehistro: Sa proseso ng paunang admisyon o pagpaparehistro (o kung kailanman magagawa pagkatapos nito), bibigyan ng Cottage Health ang lahat ng pasyente ng papel na kopya ng Buod sa Simpleng Wika ng Patakaran na ito.

Mga Pahayag sa Pagsingil: Ang mga pahayag sa pagsingil ng Cottage Health ay may kasamang Buod sa Simpleng Wika, kabilang ang numero ng telepono na matatawagan ng mga pasyente kung may tanong sila tungkol sa Tulong Pinansiyal, at address ng website kung saan makakakuha ng karagdagang impormasyon ang mga pasyente. May kasama ring buod ng mga legal na karapatan sa pahayag sa pagsingil.

Pampublikong Pagpapaskil: Nagpapaskil ang lahat ng pasilidad ng ospital ng Cottage Health ng mga madaling makitang karatula na nag-aabiso at nagbibigay-impormasyon sa mga pasyente tungkol sa Patakaran sa mga pampublikong lokasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga lugar para sa pagpapa-admit, silid-hintayan, tanggapan para sa pagsingil, emergency room, at lugar para sa serbisyo sa mga outpatient ng ospital. May impormasyon ang mga pampublikong abiso na ito tungkol sa karapatan ng pasyente na humiling ng pagtatantiya ng pinansiyal na responsibilidad para sa mga serbisyo.

Mga Papel na Kopya: Available kapag hiniling at nang libre ang mga papel na kopya ng Patakaran na ito, Buod sa Simpleng Wika, at Aplikasyon para sa FAP sa mga lugar para sa pagpapa-admit at emergency room sa mga pasilidad ng ospital ng Cottage Health na nakalista sa ibaba.

Maaari ding hilingin ng mga pasyente na padalhan sila sa mail ng mga papel na kopya ng mga materyal na ito, nang walang singil, sa pamamagitan ng pagsusumite ng kahilingan sa email sa CottageBilling@sbch.org, pagtawag sa 805-879-8963, o pagsusumite ng nakasulat na kahilingan sa isa sa mga sumusunod:

- Cottage Health Business Office, 7410 Hollister Avenue, Goleta, CA 93117
- Santa Barbara Cottage Hospital, 400 W. Pueblo St. Santa Barbara, CA 93105
- Goleta Valley Cottage Hospital, 351 S. Patterson Ave., Goleta, CA 93111
- Santa Ynez Valley Cottage Hospital, 2050 Viborg Rd., Solvang, CA 93463

Website: Available ang mga kopya ng Patakaran na ito, ng Buod sa Simpleng Wika, at ng Aplikasyon para sa FAP sa website ng Cottage Health sa www.cottagehealth.org/FAP.

MyChart: Ang mga pasyenteng nag-activate ng account sa Cottage Health MyChart ay maaaring kumumpleto ng tulong pinansiyal sa pamamagitan ng kanilang account sa MyChart.

Kamalayan sa Komunidad: Makikipagtulungan ang Cottage Health sa mga nauugnay na organisasyon, doktor, klinika sa komunidad, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan upang abisuhan ang mga miyembro ng komunidad tungkol sa pagiging available ng Tulong Pinansiyal sa ilalim ng Patakaran na ito.

Available ang Patakaran na ito, Mga Buod sa Simpleng Wika, at form ng Aplikasyon para sa FAP sa website ng Cottage Health sa www.cottagehealth.org/FAP, at sa papel na kopya, kung hihilingin at nang walang singil, sa (mga) pangunahing wika ng bawat Lugar ng Serbisyo ng Pasilidad ng Ospital ng Cottage Health. Bukod pa rito, makukuha ang lahat ng abiso at pakikipag-ugnayang ibinigay kaugnay ng Patakarang ito sa (mga) pangunahing wika ng bawat Lugar ng Serbisyo ng Ospital ng Cottage Health, at sa paraang alinsunod sa lahat ng nalalapat na Pederal na batas at batas ng Estado. Para sa mga layunin ng Patakaran na ito, ang Pangunahing Wika ng Lugar ng Serbisyo ng Ospital ay ang wikang ginagamit ng mas maliit na bahagi ng 1,000 tao o 5% ng komunidad na pinaglilingkuran ng pasilidad ng ospital batay sa pinakamakailang Pagtatasa sa Mga Pangangailangang Pangkalusugan ng Komunidad na isinagawa ng ospital.

PAGSUSURI NG PATAKARAN

Pana-panahong susuriin ng Komite sa Pananalapi ng Lupon ng Mga Direktor ng Cottage Health ang Patakaran na ito, at ang Lupon ng Mga Direktor ng Cottage Health ang magbibigay ng pormal na pag-apruba sa anumang pagbabago.

PETSA NG PAGBABAGO SA PATAKARAN

Setyembre 28, 2018. Setyembre 27, 2019. Hunyo 19, 2020. Abril 2022, Mayo 2023, Disyembre 2024

Kalakip A

Form ng Pagkalkula sa Tulong Pinansiyal para sa Pasyente sa 2025

► TALAAN NG DISKUWENTO PARA SA TAONG **2025**

% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FPL)	% ng Diskwento*	Kita ng Pamilya Batay sa Bilang ng Miyembro ng Pamilya							
		Pamilyang May 1 Miyembro	Pamilyang May 2 Miyembro	Pamilyang May 3 Miyembro	Pamilyang May 4 Miyembro	Pamilyang May 5 Miyembro	Pamilyang May 6 Miyembro	Pamilyang May 7 Miyembro	Pamilyang May 8 Miyembro
500%	100%	\$78,250	\$105,750	\$133,250	\$160,750	\$188,250	\$215,750	\$243,250	\$270,750
510%	95%	\$79,815	\$107,865	\$135,915	\$163,965	\$192,015	\$220,065	\$248,115	\$276,165
520%	90%	\$81,380	\$109,980	\$138,580	\$167,180	\$195,780	\$224,380	\$252,980	\$281,580
530%	85%	\$82,945	\$112,095	\$141,245	\$170,395	\$199,545	\$228,695	\$257,845	\$286,995
540%	80%	\$84,510	\$114,210	\$143,910	\$173,610	\$203,310	\$233,010	\$262,710	\$292,410
550%	75%	\$86,075	\$116,325	\$146,575	\$176,825	\$207,075	\$237,325	\$267,575	\$297,825
560%	70%	\$87,640	\$118,440	\$149,240	\$180,040	\$210,840	\$241,640	\$272,440	\$303,240
570%	65%	\$89,205	\$120,555	\$151,905	\$183,255	\$214,605	\$245,955	\$277,305	\$308,655
580%	60%	\$90,770	\$122,670	\$154,570	\$186,470	\$218,370	\$250,270	\$282,170	\$314,070
590%	55%	\$92,335	\$124,785	\$157,235	\$189,685	\$222,135	\$254,585	\$287,035	\$319,485
600%	50%	\$93,900	\$126,900	\$159,900	\$192,900	\$225,900	\$258,900	\$291,900	\$324,900
610%	45%	\$95,465	\$129,015	\$162,565	\$196,115	\$229,665	\$263,215	\$296,765	\$330,315
620%	40%	\$97,030	\$131,130	\$165,230	\$199,330	\$233,430	\$267,530	\$301,630	\$335,730
630%	35%	\$98,595	\$133,245	\$167,895	\$202,545	\$237,195	\$271,845	\$306,495	\$341,145
640%	30%	\$100,160	\$135,360	\$170,560	\$205,760	\$240,960	\$276,160	\$311,360	\$346,560
650%	25%	\$101,725	\$137,475	\$173,225	\$208,975	\$244,725	\$280,475	\$316,225	\$351,975
660%	20%	\$103,290	\$139,590	\$175,890	\$212,190	\$248,490	\$284,790	\$321,090	\$357,390
670%	15%	\$104,855	\$141,705	\$178,555	\$215,405	\$252,255	\$289,105	\$325,955	\$362,805
680%	10%	\$106,420	\$143,820	\$181,220	\$218,620	\$256,020	\$293,420	\$330,820	\$368,220
690%	5%	\$107,985	\$145,935	\$183,885	\$221,835	\$259,785	\$297,735	\$335,685	\$373,635
700%	0%	\$109,550	\$148,050	\$186,550	\$225,050	\$263,550	\$302,050	\$340,550	\$379,050

* Ang mga diskuwento ay magagamit sa out-of-pocket na pinansyal na responsibilidad ng pasyente para sa bayarin niya sa Cottage Health.
 Ang mga antas ng taunang kita ng pamilya (annual family income level) hanggang sa nakatakdang halaga sa dolyar ang maaaring magamit sa kaukulang diskuwento.
 May bisa mula sa 01/01/2025



Mga Programa ng Gobyerno para Isulong ang Pagiging Patas sa Kalusugan

Tulong sa Mga Pangunahing Pangangailangan

- » **BenefitsCal** - Inuugnay ang mga tao sa mga serbisyo sa kanilang county, tulad ng Medi-Cal, mga benepisyo ng CalFresh para sa pagbili ng pagkain, at Oportunidad at Responsibilidad ng California sa Mga Bata (California Opportunity and Responsibility to Kids, CalWORKs), kabilang ang tulong na pera sa mga pamilya na may mga anak at mga buntis na kababaihan sa huling 120 araw ng pagbubuntis, na may kaunti o walang ari-arian o kita. benefitscal.com

Tulong sa Pagkain

- » **CalFresh (kilala sa pederal na pamahalaan bilang Programa ng Tulong sa Karagdagang Nutrisyon (Supplemental Nutrition Assistance Program, SNAP))** - Nagbibigay ang CalFresh ng buwanang tulong sa pagkain sa mga tao at pamilya na may mababang kita, kabilang ang mga nawalan ng trabaho dahil sa pandemya. Bisitahin ang GetCalFresh.org para mag-apply online.
- » **Asosasyon ng Mga Bangko ng Pagkain sa California (California Association of Food Banks)** - Sa California, nagtutulungan ang mga pederal, estado, at lokal na komunidad para matiyak na may available na grocery sa lokal na bangko ng pagkain. www.cafoodbanks.org
- » **Mga Programa sa Libreng Tanghalian sa Tag-araw (Free Summer Lunch Programs)** - Mga libreng tanghalian kapag tag-araw para sa lahat ng bata na wala pang 18 taong gulang, anuman ang kita. www.cde.ca.gov/ls/nu/sf/sfspinfo.asp
- » **Mga Pagkain sa Paaralan** - Libre o may diskuwentong almusal at tanghalian sa mga pampublikong paaralan kapag may pasok.
- » **Programa para sa Mga Kababaihan, Sanggol, at Bata (Women, Infants and Children, WIC)** - Suporta sa nutrisyon para sa mga buntis na kababaihan at mga batang wala pang 5 taong gulang. www.cdph.ca.gov/Programs/CFH/DWICSN 1-888-942-967

Mga Serbisyo sa Trabaho at Pagsasanay

- » **Sentro ng Trabaho ng America sa California (America's Job Center of California, AJCC)** - Nag-aalok ang AJCC ng iba't ibang serbisyo na tumutulong sa mga employer na may mga bakanteng trabaho at mga kwalipikadong naghahanap ng trabaho nang walang bayad. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na AJCC para sa tulong sa pagpapadala o pag-fax ng papel na aplikasyon para sa Insurance sa Kawalan ng Trabaho.
- » **Mga Pagkakataon sa Apprenticeship** - Matuto pa tungkol sa mga oportunidad sa apprenticeship sa pamamagitan ng "I Built It!" ("Ginawa Ko Iyon!") na website sa Departamento ng Mga Ugnayan sa Industriya (Department of Industrial Relations).
- » **Tulong sa Utang sa Credit Card** - Ang Ang Mga Solusyon ng Pagpapayo sa Pag-utang ng ClearPoint (ClearPoint Credit Counseling Solutions) ay isang nonprofit na organisasyon na nag-aalok ng payo sa kredito. www.clearpoint.org
- » **Murang Insurance ng Sasakyan** - Ang Programa ng Murang Insurance ng Sasakyan sa California (California's Low Cost Auto, CLCA) ng Departamento ng Insurance ng California (California Department of Insurance) ay isang programa na itinataguyod ng estado na ginagawang abot-kaya ang insurance para sa mga residente ng California na nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado. <http://www.doi.org>

Pabahay

- » **Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod (Housing and Urban Development)** - Maghanap ng mga lokal na nonprofit na organisasyon na nag-aalok ng tulong sa pabahay, matuto tungkol sa pag-iwas sa pagreremata, at maghanap ng awtoridad sa pabahay sa rehiyon. www.hud.gov
- » **Departamento ng Mga Serbisyo sa Komunidad at Pagpapaunlad (Department of Community Services and Development)** - Kumonekta sa tulong sa enerhiya sa bahay, tulong sa problema sa enerhiya, at mga programa para sa pahasayin ang enerhiya para sa mababa ang kita. www.csd.ca.gov/find-assistance
- » **Komisyon sa Mga Pampublikong Utilidad ng California (California Public Utilities Commission, CPUC)** - Ang CPUC ay namamahala sa mga serbisyo at utilidad, pinoprotektahan ang mga consumer, pinangangalagaan ang kalikasan, at sinisiguro ang access ng mga taga-California sa ligtas at maaasahang serbisyo sa impraestruktura at utilidad. www.cpuc.ca.gov

ipinagpapatuloy...



Kalakip B

Mga Programa ng Gobyerno para Isulong ang Pagiging Patas sa Kalusugan

Pagpapatuloy ng pabahay

- » **Asosasyon ng Pagsasama ng Komunidad sa California para sa Pag-aksyon (California Community Action Partnership Association, CalCAPA)** - Mga lokal na serbisyo kasama ang tulong sa utilidad at upa. calcapa.org
- » **Tulong ng California sa Mortgage (California Mortgage Relief)** - Nag-aalok ng tulong para sa mga may-ari ng bahay na pamahalaan ang mga overdue na bayad sa bahay at buwis sa ari-arian.
- » **Pabahay ng California (Housing California)** - Nag-aalok ng programa para mapigilan ang kawalan ng bahay. www.housingca.org/resources/community/

Mga Utilidad

- » **Programa ng California sa Mga Alternatibong Rate para sa Enerhiya (California Alternative Rates for Energy, CARE)** - Nag-aalok sa mga consumer na mababa ang kita ng 20 porsiyentong diskuwento sa bayarin sa kuryente. www.cpuc.ca.gov
- » **Komisyon sa Mga Pampublikong Utilidad ng California (Public Utilities Commission, PUC)** - Nagbibigay ng tulong sa negosasyon ng mas murang bayad sa mga kompanya ng utilidad kung may problema ang kostumer sa pagbabayad ng kuryente, telepono, at tubig. Ang ilang utilidad ay may mga programang pang-emergency na tulong sa pagbabayad para sa mga kostumer. www.cpuc.ca.gov
- » **Programa sa Tulong sa Rate ng Kuryente para sa Pamilya (Family Electric Rate Assistance, FERA)** - Nagbibigay ng tulong sa mga pamilya na may medyo mas mataas na kita na lumampas sa pamantayan ng CARE (Programa ng California sa Mga Alternatibong Rate para sa Enerhiya) sa kita batay sa pederal na antas ng kahirapan. Available ang FERA para sa mga kliyente ng Southern California Edison, San Diego Gas and Electric Company, at Pacific Gas and Electric Company. www.cpuc.ca.gov
- » **Programa sa Kahusayan ng Enerhiya para sa Mababa ang Kita (The Low-Income Energy Efficiency program)** - Nagbibigay ng walang bayad na pagpapahusay ng enerhiya para sa mga sambahayan na mababa ang kita na nakakatugon sa mga pamantayan ng kita ng CARE. www.cpuc.ca.gov
- » **Departamento ng Mga Serbisyo sa Komunidad at Pagpapaunlad** - Ikinokonekta ang mga tao sa tulong sa enerhiya sa bahay, tulong sa problema sa enerhiya, at mga programa para sa pagpapahusay ng enerhiya para sa mababa ang kita. www.csd.ca.gov
- » **Programa ng mga lifeline telecommunication (Lifeline telecommunications program)** - Nagbibigay ng diskuwento para sa serbisyo sa landline, walang limitasyong lokal na papasok at palabas na tawag. www.cpuc.ca.gov

Tulong sa Mga Serbisyong Pantao

- » **CalWORKs** - Nagbibigay ng pansamantalang tulong na pera sa mga kwalipikadong pamilya na may mga batang menor de edad, para tulungan ang mga pamilya na may mga anak na umaasa na makatayo sa sariling paa sa pamamagitan ng trabaho. benefitscal.com
- » **Mga Ahensya sa Lugar ng California para sa Pagtanda (California Area Agencies on Aging)** - Tumutulong sa mga matatanda at sa mga pamilya nila na makakita ng mga serbisyo at oportunidad.
- » **Tulong sa Refugee** - Ang programang Tulong na Pera para sa Refugee (Refugee Cash Assistance, RCA) ay para sa mga bagong dating na refugee na walang asawa, at mga pamilya na walang anak. www.alamedacountysocialservices.org/ex/our-services/Immigrants-and-Refugees/RCA
- » **Pakikipagtulungan ng California para Wakasan ang Karahasan sa Tahanan (California Partnership to End Domestic Violence, CPEDV)** - Nagbibigay ng mga referral sa mga lokal na tagapagbigay ng serbisyo, tirahan, legal na serbisyo, at iba pa. www.cpedv.org
- » **Mga Serbisyo sa Pagpapayo sa Mga Consumer Tungkol sa Kredito (Consumer Credit Counseling Services)** - Isang non-profit na organisasyon na nag-aalok ng pagpapayo sa kredito. www.cccsstl.org/debtsolutions

Mga Serbisyo sa Pagsuporta sa Bata

- » **Asosasyon ng Mga Direktor ng Kapakanan ng County ng California (County Welfare Directors Association, CWDA)** - Isang non-profit na asosasyon na nagtataguyod ng isang sistema ng serbisyong pantao upang hikayatin ang mga pamilya at komunidad na tumayo sa sariling paa at protektahan ang mga bulnerableng bata at matatanda mula sa pang-aabuso at pagpapabaya. Itinataguyod ng asosasyong ito ang mga serbisyo sa county. www.cwda.org
- » **First 5 California** - Mga mapagkukunan at impormasyon para sa mga magulang, tagapagbantay, at tagapag-alaga na may mga anak na edad 0 hanggang 5 taon. www.ccfc.ca.gov

Mga Mapagkukunan

1. https://edd.ca.gov/en/about_edd/additional_resources/
2. https://sfgov.org/dosw/sites/default/files/Documents/dosw/Resources/Final_AssistanceforUnemployedCalifornia.pdf
3. <https://dpss.lacounty.gov/en/programs.html>
4. <http://www.acgov.org/adults/assistance.htm>